



Lathalain ng Atimonan One Energy, Inc. tuwing ika-3 buwan • Bulto 6 Bilang 4 • Disyembre 2019

A1E nakipag-sanib pwersa sa iba pang kumpanya sa Atimonan para sa taunang community outreach

Nagbigay-saya nitong nagdaang kapaskuhan ang mga empleyado ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) kasama ang Jollibee Foods Corporation, Landbank of the Philippines – Atimonan, at Jacob Projects, Inc. sa pamamagitan ng taunang *community outreach* na isinagawa sa Barangay Villa Ibaba.

Dinaluhan ng mahigit 100 mag-aaral mula sa Paaralang Elementarya ng Villa Ibaba ang aktibidad na isinagawa noong ika-7 ng Disyembre. Nagkaroon ng munting salu-salo at mga palaro na pinangunahan ng mascot ng Jollibee.

Taun-taong isinasagawa ng mga empleyado ng A1E ang nasabing programa upang makapag-bigay kasiyahan at katuwaan sa mga bata at makapag-bahagi ng biyaya sa mga batang Atimonanin at makapaglaan ng oras sa kanila.

Bukod sa A1E ay nakibahagi rin sa aktibidad ang Jollibee, Landbank at Jacobs.

“Masaya kami na nakapagbahagi ng aming mga nakayanan sa mga bata lalo’t higit ngayong pasko. Makikita mo sa kanilang mga mukha ang kasiyahan sa mga ti-



Ipinamamahagi nina Edsel Par (Atimonan One Energy) at Christopher Gayanilo (JACOBS Project) ang mga regalo sa mga bata ng Villa Ibaba kasama ang ilang empleyado bilang bahagi ng Community Outreach Program.

nanggap nilang regalo,” ayon kay G. Christopher Gayanilo, Health, Safety, Security Environment Manager ng Jacobs.

Samantala, nagpahayag naman ng pasasalamat si Gng. Cynthia N. Pardo, CSR and External Affairs Manager ng A1E sa mga empleyado ng kumpanya at sa suportang ibinigay ng Jollibee, Landbank at Jacobs. Dagdag pa niya na umaasa siya na tuluy-tuloy ang pagtutulongan at pagsasanib puwersa ng mga kumpanya para sa ganitong programa. #

A1E, nagdiwang ng kapaskuhan kasama ang mga stakeholders



Si Mayor Rustico Joven Mendoza habang nagbibigay ng mensahe sa mga bisita ng A1E sa taunang selebrasyon nito ng Christmas Party noong Disyembre 17 sa Bulwagang Balagtas, Brgy. Zone I.

Mahigit na 150 na panauhin ang dumalo sa taunang Christmas Party ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) para sa mga stakeholders at partners nito noong Disyembre 17 sa

Bulwagang Balagtas, Brgy. Zone IV.

Kabilang sa mga dumalo ang mga lokal na opisyal, kinatawan ng panlipunang sibil, mga punong barangay, mga sangay ng iba’t ibang ahensya ng pamahalaan at marami pang iba.

Dumalo din ang mga *technical partners* ng A1E tulad ng Mitsubishi Hitachi Power Systems, Inc. (MHPS); Dinamico Construction, Inc.; Beton Bau Construction; Rexus Development and Consulting Corp; at Delta Earthmoving, Inc.— na pawang mga nagbigay ng kanilang pinansyal na kontribusyon para sa pagkain at pang regalo.

Binigyan ng parangal na *Iskong Bantay Service Award* si G. Greg Degracia(+) dahil sa hindi matatawarang serbisyo publiko at dedikasyon sa pagpapaunlad ng bayan ng Atimonan bagamat pumanaw na kamakailan lamang.

Nagbigay din ng pagbati at pasasalamat si G. Dan Neil, EVP at COO ng Meralco PowerGen sa patuloy na suporta sa proyekto at programa ng A1E. #

Isang Tinig

Mga inorganisang grupo ng A1E, nakatanggap ng Gawad CSO

Kaagapay Awards

Pinarangalan ng lokal na pamahalaan ng Atimonan ang New Carinay Homeowners Association, Inc. (NCHAI) at Heavenly Touch Therapeutic Massage Association (HTTMA) sa 3rd Civil Society Organization (CSO) General Assembly noong Oktubre 4 sa Bulwagang Balagtas, Zone IV.

Ang dalawang organisasyong ito na binuo ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) ay isa sa 45 na grupo at indibidwal na nakatanggap ng Gawad CSO Kaagapay Award na ibinibigay bilang pagkilala sa aktibo at makabuluhang kontribusyon at partisipasyon sa mga programa at proyekto ng lokal na pamahalaan ng Atimonan.

Ang HTTMA ay ang kauna-unahang grupo ng mga propesyunal na masahista sa Atimonan habang ang NCHAI naman ay binubuo ng mga nabeneplisyuhang mga pamiya ng libreng pabahay ng A1E.

Mahigit kumulang na 700 miyem-



Tinanggap ni New Carinay Homeowners Association, Inc. President Michelle Trapalgar ang plaka ng pagkilala mula sa lokal na pamahalaan ng Atimonan bilang kaagapay sa pagpapatupad ng iba't-ibang programang pangkaunlaran ng bayan.

bro ng CSO buhat sa iba't-ibang sektor ang lumahok sa taunang pagtitipon. Naging panauhing tagapagsalita sa asembliya ang isa sa kinatawan ng Senado na si G. Sherwin Gatchalian.

Ayon sa kanya, mahalaga ang pagbuo ng mga organisasyon ng mamamayan dahil ito ang magiging katuwang ng pamahalaan

sa pagbuo ng mga programa para sa ikau-unlad ng bayan.

Samantala, inilahad ni Atimonan Mayor Rustico Joven Mendoza ang malaking papel na ginagampanan ng CSO pagdating sa pagbalangkas ng mga programang magpapaunlad ng kabuhayan ng mamamayan at iba pa. #

A1E kaisa sa tree planting program ng lokal na pamahalaan



Ilang estudyante mula sa College of Sciences Technology and Communications na nakiisa sa pagtatanim ng mga puno sa Quezon Protected Landscape noong Oktubre 13.

Nakiisa ang Atimonan One Energy, Inc. (A1E) sa dalawang magkasunod na araw ng tree planting activity sa Quezon Protected Landscape (QPL) noong Oktubre 30 at 31 na naglalayong tuluy-tuloy na pangalagaan ang kalikasan.

Ang malawakang pagtatanim na pinangasiwaan ng Municipal Environmental and Natural Resources Office (MENRO) ay

dinaluhan ng 100 indibidwal buhat sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno, mga barangay, paaralan at mga pribadong sektor na nakabase sa munisipalidad.

May 400 bilang ng puno ng bighay kalabaw mula sa Protected Area Management Board (PAMB) ng Department of Environment and Natural Resources ang itinanim sa nasabing lugar. #

Plastic Ban sa A1E, inumpisahan na

Kabilang ang Atimonan One Energy, Inc. (A1E) at Meralco PowerGen Corporation sa mga kumpanya na agarang tumalima sa pagbabawal ng paggamit ng mga single use plastic at sa mahigpit na pagpapatupad dito sa loob ng kani-kanilang opisina.

Sa taunang selebrasyon ng *Hallow-*

een trick-or-treat na isinagawa noong Oktubre 29, namahagi ang A1E sa mga bata ng mga hubad na candies at nakasilid sa papel na supot bilang pakikiisa sa kampanyang iwasan ang paggamit ng *single-use plastics*.

Humigit kumulang na 200 mga bata ang nakiisa sa selebrasyon at nagsuot ng kanilang costumes.

Mga niresikulong materyales din ang ginamit ng mga empleyado ng A1E sa

paglalagay ng dekorasyon pang Halloween sa kanilang opisina.

Inia-aplay din ng A1E ang regulasyong ito sa bawat programang kanilang inilulunsad sa pamayanan. Iniiwasan na ang paggamit ng *plastic* na *eating utensils* tuwing may isinasagawang proyektong pagsasanay. Sa halip, hinihikayat ang mga delegado na magdala ng kani-kanilang gamit bilang pagtugon sa maka-kalikasang panawagang ito. #

Bagong opisina ng A1E, pinasinayaan

Pinasinayaan noong Oktubre 23 ang bagong opisina ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) na matatagpuan sa gitna ng bayan. Mas malaki, maginhawa at komportableng opisina ang naghihintay sa mga taong magpupunta sa tanggapan ng A1E.

Dumalo sa maliit na pagtitipon ang mga pangunahing kinatawan ng Meralco PowerGen, mga kawani ng A1E, at mga lokal na opisyal ng Atimonan na pinangunahan ni Mayor Rustico Joven Mendoza.

Ang A1E ay siyang gagawa ng 1,200 megawatt coal-fired power plant sa Brgy. Villa Ibaba at gagamit ng highly efficient na coal combustion technology. #



Pinangunahan nina Mayor Rustico Joven Mendoza at EVP Dan Neil ang ribbon-cutting ceremony para sa bagong opisina ng A1E.

Unang Salon ng Atimonan Haircutters, bukas na!



Si Babylyn Requillas, Pangulo ng Atimonan Haircutters Association habang ginugupitan ang isa sa kustomer sa bagong bukas nitong salon na Perfect Cut.

Binuksan na ang kauna-unahang salon ng Atimonan Haircutters Association noong Nobyembre 27 sa Barangay Zone 1.

Pinangalanang “Perfect Cut” ang salon na nagbibigay ng abot-kayang gupit at iba pang serbisyo para sa lalaki o babae. Nagkakahalaga ng Php50.00 ang bawat gupit, habang ang iba pa nitong serbisyo kagaya ng *hair coloring* ay naglalaro sa mga presyong Php200.00 hanggang Php450.00 depende sa haba ng buhok.

Ang operasyon ng salon ay pinamamahalaan ng mga opisyaes ng Atimonan Haircutters Association na kinabibilangan ng 15 indibidwal buhat sa iba-ibang barangay sa Atimonan.

Ang grupo ay binuo ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) matapos na su-

mailalim sa limang araw na pagsasanay noong Hulyo 8 hanggang 12 sa ilalim ng programang Angat Kabuhayan.

Layunin ng programa na makatulong sa mga mahihirap na residente ng komunidad upang magkaroon ng kaalaman at ng dagdag na pagkakakitaan.

Tinulungan din ng A1E ang samahan para opisyal na mairehistro sa Department of Labor and Employment (DOLE) upang maging lehitimo ang pagkakatag nito at makakuha ng mga karagdagang suporta at pinansyal na ayuda mula sa sangay ng pamahalaan sa hinaharap.

Umaasa ang A1E na lalago ang salon na ito at magiging kilalang gupitan sa Atimonan dahil sa murang presyo at de-kalidad na serbisyo ng paggugupit. #

Delta, muling nagsagawa ng flagman training

Muling nagsagawa ang Delta Earthmoving Construction, Inc. ng pagsasanay para sa mga Atimonanin na interesado maging *flagman* noong Nobyembre 18 upang matugunan ang pangangailangan sa *flaggers* at makapagbigay ng trabaho sa mga residente.

Ito ang ikatlong beses na nagsagawa ng kaparehong aktibidad ang Delta. Ang naunang dalawang beses ay ginawa noong Pebrero 22 at Hunyo 18.

Umabot na sa 47 ang kabuuang bilang na ng residente ang nakinabang sa pagsasanay at karamihan sa kanila ay nagta-trabaho na bilang mga propesyunal na *flagmen*.

Isa ang Delta sa sub-kontraktor ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) para sa itatatayong planta ng kuryente sa Barangay Villa Ibaba.

Ayon kay G. Bernard Allan Unciano, Safety Supervisor ng Delta, nais nila na matulungan ang A1E na makapagbigay ng oportunidad at trabaho sa Atimonanin kung kaya’t patuloy nitong isinasagawa ang nasabing pagsasanay.



Pinaliliwanag ni G. Bernard Allan Unciano (Delta Safety Supervisor) ang mga bagay na dapat isa alang-alang bilang Flagman.

Mga produktong tatak Atimonan, tampok sa Kalakal Quezon Trade Fair



Nakadisplay sa booth ng New Gumaca Wood Craft Multi-Purpose Cooperative ang bamboo wind chime at wild sardines na gawang Atimonan sa pagdaraos ng KALAKAL Quezon noong Disyembre 12-16.

Tampok sa katatapos lamang na KALAKAL Quezon trade fair ang dalawang produkto na wild sardines gawa ng Atimonan Coastal Food Production Association at bamboo wind chimes gawa ng Villa Ibaba Handicraft Association.

Ginanap mula Disyembre 12 hanggang 16 sa Pacific Mall Atrium ang naturang Christmas trade fair na pinangasiwaan ng Department of Trade and Industry Region IV-A.

Ang Atimonan Coastal Food Production Association at Villa Ibaba Handicraft Association ay mga asosasyong binuo ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) upang matulungan ang mga residente ng Atimonan na magkaroon ng karagdagang kita.

Ang pagkakabuo ng mga grupong ito ay bahagi ng programang Angat Kabuhayan ng kumpanya.

Naging maganda ang pagtangkilik sa mga nasabing produktong bagamat ito ang kauna-unahang pagkakataon na lumahok sa ganitong aktibidad. Dahil dito, inaasahang pagbubutihin pa ng mga nasabing asosasyon ang mga produkto at patuloy na makikilahok sa mga susunod pang trade fairs.

Nabigyang oportunidad ang dalawang asosasyon na buhat sa Atimonan sa pamamagitan ng New Gumaca Woodcraft Multipurpose Cooperative (NGWMC) – na siyang nagbigay ng espasyo kung saan nai-display ang mga produktong Atimonanin.

Kabilang ang NGWMC sa 12 asosasyon na bahagi na ng DTI-Quezon Shared Service Facility na sumasali sa taunang trade fair.

Layunin ng aktibidad na maipakilala ang mga *micro, small and medium enterprises* o MSMEs sa merkado at mas mapalawak pa ang pagtangkilik sa mga lokal na produkto. #

A1E, mga sangay ng Kagawaran ng Agrikultura nagsanib-pwersa para sa mas malawak na Gulayan sa Bakuran program



Kasama ni Roberto Atreghio, Jr., kinatawan buhat sa Office of Provincial Agriculture ang ilang miyembro ng New Carinay housing project habang in-aaani ang mga sitao sa kanilang taniman.

Inilunsad ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) ang mas malawak na Gulayan sa Bakuran sa Carinay noong Oktubre 31 na naisagawa sa tulong ng mga lokal na sangay ng Kagawaran ng Agrikultura.

Bilang bahagi ng programang Angat Kabuhayan ng A1E, ang Gulayan sa Bakuran sa Carinay ay sinimulan taong 2018 upang makapabigay ng karag-

dagan pagkain at tamang nutrisyon para sa mga residente ng *New Carinay Housing Project*.

Sa taong ito, hiningi ng A1E ang tulong ng Office of the Provincial Agriculture (OPA) at Office of Municipal Agriculture (OMA) upang mapalawak pa ang programa at mas mapaingting ang kamalayan at kaalaman ng mga miyembro ng New Carinay Homeowners Association, Inc. (NCHAI) ukol sa paghahalaman.

Noong Setyembre 27, nasa 2,000 supot ng pananim na gulay kagaya ng talong, pechay, mustasa, okra, kamatis, pipino, labanos, kalabasa, ampalaya, patola at upo ang ipinamahagi sa mga residente. Bukod dito, 60 pananim na halamang gamot din ang ipinagkaloob sa kanila ng mga lokal na sangay ng agrikultura.


Kaugnay nito, nagbigay din ng libreng *seminar* ang OPA hinggil sa tamang pagtatanim, pamamahala at pag-aalaga ng mga pananim upang maging sustainable.

Bilang pagpapatibay ng pagtutulungan at kasunduan sa muling pagsasagawa ng programang gulayan, nagsagawa ng simpleng seremonya ang A1E, OPA at OMA noong Nobyembre 28.

Ito ay dinaluhan ni Mr. Roberto D. Gajo, Provincial Agriculturist at pormal na nagpahayag ng suporta at nangakong tutulong upang maging matagumpay at sustainable ang proyekto sa komunidad kalakip nito ang pagbibigay ng dagdag na kagamitan pang agrikultura at pataba sa lupa.

Umaasa ang A1E na pangunahing magiging tagapag-suplay ng iba't-ibang klase gulay ang komunidad ng NCHAI sa Atimonan at maging sa karatig bayan. #

KAISA SA PAGSULONG CSR PARTNER OF THE MONTH



Alpha Phi Omega Atimonan Circle Alumni Association

Naging bahagi na ng programang Bantay Kalusugan ng Atimonan One Energy, Inc. ang Alpha Phi Omega Philippines Inc. o mas kilala sa tawag na APO isang sikat na fraternity sa bansa.

Ang ugnayang ito ay nagsimula noong Abril 2019 na kung saan nagbigay

ng libreng serbisyong medikal ang kanilang mga kasaping *doctor*, *dentista* at *nurses* sa isinagawang community outreach ng A1E bilang bahagi ng programang pangkalusugan.

Naging kasunduan na mula nito na sa tuwing magsasagawa ng medikal misyon ang kumpanya, magpapadala na lagi sila ng mga kakailanganing grupong medikal.

Bukod pa dito, nagsasagawa din ang APO ng *tree planting*, *bloodletting*, *minor surgical operations*, programang pang isports at iba pang serbisyong pang komunidad bilang pagtugon sa kanilang misyon. Ang APO ay mayroon ng 1,319 Philippine collegiate chapters at 290 alumni associations sa bansa.

Para sa karagdagang impormasyon, magtungo lamang sa kanilang website page sa <https://apo.org.ph/2019/03/18/alpha-phi-omega-philippines-incorporated/>.

WORD SEARCH PUZZLE

W	I	L	D	S	A	R	D	I	N	E	S
A	C	S	R	D	F	P	G	J	R	T	P
V	T	S	A	E	F	G	O	A	A	W	O
T	S	I	Y	N	V	H	L	C	T	C	W
R	D	C	M	O	G	O	L	P	A	R	E
T	F	V	R	O	O	T	R	Q	A	A	R
S	R	I	Z	C	N	R	I	G	W	P	S
R	E	E	A	S	R	A	G	N	N	A	A
E	M	I	E	C	M	A	N	O	I	A	C
N	I	R	Q	G	E	Q	R	D	D	G	M
T	H	T	I	E	R	Y	E	L	E	H	S
R	C	Y	J	N	A	O	S	G	L	E	A
A	D	G	K	G	L	Q	W	O	R	N	A
P	N	R	H	Q	C	B	L	I	A	N	S
R	I	E	O	R	O	T	I	O	N	G	I
S	W	N	W	N	F	R	T	A	T	G	A
C	P	E	R	F	E	C	T	C	U	T	K

Hanapin ang mga salitang nakalista sa ibaba. Ang unang limang taong makakakuha ng tamang sagot kasama ang orihinal na kopya ng kanilang Isang Tinig ay magkakamit ng premyo. maaaring makipag-ugnayan kay Patrick Collantes sa numerong 0949-889-6553.

MGA SALITA:

1. Power
2. MERALCO
3. Atimonan
4. APOCAA
5. Perfect Cut
6. Tree Growing
7. CSR Partners
8. HELE
9. Wild Sardines
10. Isang Tinig
11. KAISA
12. Energy
13. One
14. Mangrove
15. Wind Chime

Isang Tinig

Litz Santana **Chris Chua**
Tagapayong Patnugot

Claire Feliciano
Kasangguni sa Editoryal

Cynthia Pardo
Jester Querubin **Philip Santander**
Patrick Collantes
Grupong Editoryal

Address: 2F Parco Bldg, Jose Rizal cor. Quezon St., Brgy. Zone 1, Atimonan Quezon Province

Email: info_a1e@a1e.ph
www.atimonan1energy.ph